## ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle-Dasmarinas
Dasmarinas, Cavite

**Titulo:** Taong Grasa ang Itawag Mo sa Akin:
Ang Mga Saloobin at Pananaw Hinggil sa Buhay at
Pakikibaka

**Mga Mananaliksik:** Zorayda V. Balayo
Esperdion B. Trinidad

**Sinimulan:** Hunyo, 1996

**Natapos:** Marso, 1997

**Mga Layunin ng Pag-aaral:**

Tuklasin ang pananaw ng anim na lalaki at isang babaeng taong grasa mula sa mga lansangan ng Dasmarinas, Imus at Lungsod ng Cavite hinggil sa buhay at pakikibaka.

Bumuo ng konseptong ukol sa mga saloobin at pananaw ng taong grasa hinggil sa buhay at pakikibaka mula sa mga datos na nalikom.

**Saklaw at Delimitasyon:**

Ang pag-aaral na ito ay sumakop lamang sa anim na lalaki at isang babaeng taong grasa mula sa lalawigan ng Cavite. Ang mga kalahok ay dalawang lalaki at isang babaeng taong grasa mula sa Dasmarinas, isang lalaking taong grasang mula sa Imus, at tatlong lalaking taong grasa mula sa Lungsod ng Cavite. Ang mga kamag-anak, kapitbahay o nakakikilala sa kanila ay kinunan din ng mahahalagang impormasyon tungo sa ibayong pagkaunawa sa mga kalahok bago sila naging taong grasa at ngayong nasa kanilang kalagayan sa kasalukuyan.

**Metodolohiya:**

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng eksploratoryong pag-aaral. Ginamit ng mga mananaliksik ang purposive sampling, kung saan, may nakitang prospektibong mga kalahok sa lansangan na pumasa sa pamantayang itinakda ng mga mananaliksik.

Ang mga metodong ginamit upang makalikom ng datos ay ang natural na pag-oobserba, pakikipanayam sa kalahok, at pakikipagkwentuhan at pagtatanung-tanong sa mga kamag-anak, kapitbahay o nakakikilala sa mga kalahok. Gumamit din ng video camera, casette recorder, camera, gabay sa pag-oobserba, at talaan sa pagdokumento ng mga datos. Content analysis ang paraang ginamit sa pagsuri ng mga datos.

**Mga Natuklasan sa Pag-aaral:**

Nakita mula sa mga resulta na ang mga kalahok ay nakaranas ng matinding problemang nagbigay-daan upang sila ay maging taong grasa. Gayunman, ang mga taong grasa ay may pagtingin pa rin sa buhay, tao, kapaligiran, at mga pangyayari. Tulad sa mga matinong tao, iba-iba sila, maging ang kanilang mga pananaw; may positibo at may negatibo. Mayroon silang mga suliranin at kabiguan sa kanilang buhay sa kanilang kalagayan sa ngayon. Gayunman, sila ay mayroon ding mga pangarap. Sila ay nagpupunyagi sa araw-araw upang maabot ang kanilang mga pangarap.

**Konklusyon:**

Malawak ang konsepto tungkol sa taong grasa. Marami pa ang dapat tuklasin. Subalit isang bagay ang tiyak ukol sa kanila. Sila ay mga taong may pananaw at saloobin hinggil sa buhay. May taglay silang mga suliranin at kabiguan, mga pangarap at paraan upang makibaka sa buhay.

**Mga Rekomendasyon:**

1. Dahil sa ang pag-aaral na ito ay eksploratoryo inirerekomenda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

2. Huwag husgahan ang mga taong grasa na sila ay mga baliw o kaya mga pulubi na tila pwedeng lait-laitin at di dapat pansinin.

3. Tingnan ng pamahalaan at mga NGO ang kalagayan ng mga taong grasang nasa lansangan dahil ang ilan sa kanila ay may karamdaman, walang tahanan, at nais nang umuwi. Sila ay dapat tulungan tulad ng pagbibigay sa kanila ng pansamantalang matutuluyan. Gamutin sila at bigyan ng rehabilitasyon. Makipag-ugnayan sa kanilang kamag-anak.

4. Ipabatid na sila ay bahagi pa rin ng lipunan. Kausapin sila at pakinggan ang kanilang mga sasabihin.

5. Pag-aralan pa nang puspusan ang penomenong ito dahil kakaunti pa ang pananaliksik tungkol sa taong grasa.

6. Buksan ang kamalayan ng mga tao tungkol sa taong grasa. Dapat silang pansinin, huwag pagtawanan, o lait-laitin, kundi unawain, abutin, pakinggan, at tulungan.